

Mga Madalas na Itanong

Ano ang Title VI?

Ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 ay isang pederal na batas na pumoprotekta sa mga tao laban sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan sa mga programa, serbisyo, o aktibidad na nakakatanggap ng pederal na tulong.

Sino ang Protektado sa Ilalim ng Title VI?

Protektado ng Title VI ang mga pasahero at customer na gumagamit ng mga serbisyo ng Caltrain. Nakatuon ang Caltrain sa pagtugon sa mga panregulatoryong kinakailangan nito sa ilalim ng Title VI at pagtiyak na nakapagbibigay ito ng mahalagang access sa mga serbisyo at aktibidad sa mga taong may mababang kita, people of color, at indibidwal na limitado ang kakayahan sa wikang English. Pinoprotektahan ng Title VI ang lahat ng tao sa United States, mamamayan man sila ng U.S. o hindi.

Paano nakikinabang ang mga Pasahero at Komunidad ng Caltrain sa Title VI?

Nagbibigay ang Caltrain ng mahalagang tulong sa mga customer nito sa kanilang pangunahing wika. Puwedeng tumawag ang mga customer sa 1-800-660-4287 para humiling ng tulong sa iba't ibang wika.

Available din ang libreng tulong sa wika sa mga pagpupulong ng Caltrain.

Kung hihiling ka ng pagsasalin o mga nakasulat na materyales, makipag-ugnayan sa TitleVI@samtrans.com nang hindi bababa sa 72 oras bago ang event.